# Kung paano makipag-usap sa iyong Manggagamot tungkol sa Medik sa

# Pagkamatay sa Hawaiʻi

compassion & choices
Care and Choice at the End of Life

Talakayin ang iyong mga prayoridad sa pagtatapos-ng-buhay sa iyong medikal na pangkat ngayon upang tiyakin na ang mga opsyon na gusto mo ay magagamit mo. Kumpirmahin na susuportahan ng iyong manggagamot ang iyong mga pamimili.

## Mga mungkahi para simulan ang pag-uusap

**Para sa mga walang terminal na sakit:**

Pinahahalagahan ko ang kalidad ng buhay. Kung ako ay magkaroon ng terminal na sakit at hindi na kayang tamasahing mabuhay, nais kong magkaroon ng opsyon ng medikal na tulong sa pagkamatay.

Inaasahan ko na igagalang mo ang aking mga desisyon at respetuhin ang aking mga pinahahalagahan, gaya ng paggalang ko sa iyo. Maari kang sumulat ng reseta para sa medikal na tulong  sa pagkamatay alinsunod sa batas kung kuwalipikado ako? Kung kailanman hindi ka nakahandang igalang ang aking kahilingan, mangyaring sabihin na sa akin ngayon.

**Para sa mga may sakit ng terminal:**

Nais kong magkaroon ng awtorisadong pagpipilian na paagahin ang oras ng aking kamatayan kapag ang paghihirap ay hindi na makayanan.

Karapat-dapat ba ako para sa medikal na tulong sa pagkamatay? Kung oo, magsusulat ka ba ng reseta na alinsunod sa Our Care, Our Choice Act (Aming Pangangalaga, Aming Pamimili na Batas)?

Kung hindi, isasangguni mo ba ako sa isang manggagamot na handang sumulat ng reseta? Kung ako ay hindi karapat-dapat, ano ang magiging hitsura ng aking kalagayan kung ako ay karapat-dapat?

Ang medikal na tulong sa pagkamatay ay isang ligtas at pinagkakatiwalaang medikal na pagsasanay kung saan ang isang may terminal ng sakit, may sapat na pag-iisip na may taning na mabuhay ng anim na buwan o mas mababa ay maaaring humiling mula sa kanyang manggagamot ng reseta para sa gamot na maaari nilang piliin na lunuking mag-isa upang

magdulot ng isang mapayapang kamatayan.

Walang iba kundi ikaw ang maaaring gumawa ng kahilingang ito sa iyong (mga) manggagamot. At mahalagang hilingin lamang sa iyong manggagamot; huwag hilingin sa kawani sa opisina ng iyong manggagamot, nars o katulong ng iyong manggagamot, o mag-iwan ng kahilingan sa voicemail.

Maaari mong banggitin na ang Compassion & Choices ay nagbibigay ng tulong sa mga manggagamot sa pamamagitan ng aming Doc2Doc na Programa, na nag-aalok ng libre, kumpidensiyal na konsultasyon sa telepono sa isang kuwalipikadong medikal na direktor. Mangyaring maging malayang ibigay sa iyong manggagamot ang aming Doc2Doc na flier o ang numero ng telepono ng Doc2Doc: 1-800-247-7421.

## Ang Our Care, Our Choice Act (Aming Pangangalaga, Aming Pamimili na Batas)

Upang maging karapat-dapat para sa medikal na tulong sa mamamatay sa ilalim ng Our Care, Our Choice Act (aming Pangangalaga, Aming Pamimili na Batas), ang tao ay dapat:

- Isang may sapat na gulang
- May Terminal na Sakit
- Binigyan ng taning na anim na buwan o mas maikli para mabuhay
- May kakayahan sa pag-iisip na makagawa ng kanilang sariling mga desisyon sa pangangalagang pangkalusugan.

Bilang karagdagan, kailangang matugunan ng isang tao ang mga sumusunod na kailangan:

- Isang residente ng Hawaiʻi
- Kumikilos nang kusang loob
- May kakayahang maisagawa sa sarili ang tulong na medikal sa namamatay na gamot.

Ang pagiging karapat-dapat na gamitin ang batas ay hindi kapareho ng pagiging karapat-dapat para sa hospisyo.

Kinakailanganng kumpirmahin ng dalawang manggagamot ng Hawaiʻi ang pagiging karapat-dapat na gamitin ang The Our Care, Our Choice Act, pati na rin kumpirmahin na ikaw ay gumagawa ng isang kaalamang desisyon at kusang loob na humihiling ng medikal na tulong-sa-namamatay na gamot. Ang dumadalong manggagamot ay nagrereseta ng gamot, at ang kinokonsultahang manggagamot ay nagbibigay ng ikalawang opinyon. (*Ang isang dumadalong manggagamot ay inilalarawan bilang isang manggagamot na may pangunang tungkulin para sa pangangalaga ng indibidwal at kanilang sakit.*)

Ang kakayahang pang-kaisipang ng pasyente ay dapat ding kumpirmahin ng isang

Para sa karagdagang impormasyon mangyaring bisitahin ang [www.CompassionandChoices.org/Hawaii](www.CompassionandChoices.org/Hawaii)
O mag-email [Hawaii@compassionandchoices.org](mailto:Hawaii@compassionandchoices.org).

saykayatriko, sikologo o lisensiyadong manggagawang panlipunan. Ang pagsusuri ay maaaring ibigay sa pamamagitan ng telehealth (sa pamamagitan ng telepono o video).

Maaari mong baguhin ang iyong isip sa anumang oras. Maaari sa anumang oras umurong o bawiin mo ang iyong kahilingan para sa isang reseta para sa medikal na tulong sa pagkamatay, at walang obligasyon na kunin ang gamot sa oras na magkaroon ka nito sa iyong pag-aari.

Para sa karagdagang impormasyon mangyaring bisitahin ang
www.CompassionandChoices.org/Hawaii
O mag-email Hawaii@compassionandchoices.org.